

ISANG LUGAR NA PAGSISIMULAN

Malugod na tinatanggap ang mga tanong.

Basahin kung sino si Jesus, ano ang ibig sabihin ng Ebanghelyo, paano tumugon, at ano ang maaaring maging susunod mong mga hakbang.

MAS GUSTO MO BA NG IBANG WIKA?

Malugod kang inaanyayahang basahin ang mensaheng ito sa iba pang mga wika sa aming website.

I-scan o bisitahin ang website



introducingjesuschrist.com/fil/

Sino si Jesus?

Higit pa sa isang guro.

Si Jesu-Cristo ay Diyos na Anak, ang ipinangakong Hari at ang tanging Tagapagligtas. Namuhay Siya nang walang kasalanan, namatay bilang kahalili ng mga makasalanan, muling nabuhay, at naghahari ngayon.

“Ako ang daan, at ang katotohanan, at ang buhay.”

Jesus • Juan 14:6



Pagkilala kay Jesu-Cristo

Kapatawaran. Pag-asa. Bagong buhay.

Isang maikling pagpapakilala sa mabuting balita ni Jesu-Cristo.

I-scan upang magsimula



introducingjesuschrist.com/fil/

1

Nilikha para sa Diyos

Nilalang tayo ng Diyos upang makilala Siya, mahalín Siya at mamuhay sa ilalim ng Kanyang mabuting pamamahala. Siya ay banal, mapagmahal at karapat-dapat sa ating pagsamba.

“Banal, banal, banal ang Panginoong Diyos na Makapangyarihan sa lahat.”

Pahayag 4:8

2

Nahiwalay Dahil sa Kasalanan

Pinipili natin ang sarili nating daan sa halip na ang daan ng Diyos. Tinatawag ito ng Biblia na kasalanan. Inihihwalay tayo ng kasalanan sa Diyos, at walang sinuman sa atin ang makapag-aalis ng sariling pagkakasala o makapagkamit ng daan pabalik sa Kanya.

“Ang lahat ay nagkasala at hindi nakaabot sa kaluwalhatian ng Diyos.”

Roma 3:23

3

Iniligtas ni Jesus

Isinugo ng Diyos ang Kanyang Anak. Kusang namatay si Jesus sa krus, pasan ang hatol na nararapat sa ating mga kasalanan. Muling nabuhay ang Kanyang katawan mula sa libingan. Ang sinumang tumalikod sa kasalanan at magtiwala sa Kanya ay tumatanggap ng kapatawaran at buhay.

Paano ka tutugon?

Tumalikod sa kasalanan.

Magtiwala kay Jesus bilang Tagapagligtas at Panginoon.

“Magsisi kayo at manampalataya sa ebanghelyo.”

Marcos 1:15